# PAGGAWA NG COMPOST NG TIRA-TIRANG PAGKAIN PARA SA MGA NEGOSYO

## Batas sa Pamamahala ng Organikong Basura ng Washington



**Simula Enero 1, 2026, kinakailangang i-compost ng mga restaurant sa Federal Way ang mga tirang pagkain alinsunod sa Batas ng Estado ng Washington HB1799.**

Kailangang magkaroon ng koleksyon para sa compost ang anumang negosyo na may 96 na galon ng tira-tirang pagkain bawat linggo.

Makukuha ang higit pang impormasyon tungkol sa batas na ito sa website ng Department of Ecology (Kagawaran ng Ekolohiya).

## Mga Hakbang para sa mga Negosyo:

1. **Mag-set up ng serbisyo.** May dalawang kompanya na nagbibigay ng mga compost cart at dumpster sa labas at nangongolekta nang lingguhan. Makipag-ugnayan para sa mga rate.
   - Waste Management: wmnorthwest.com/federalway
   - Cedar Grove: cedar-grove.com

2. **Magtalaga ng panloob na lalagyan para sa koleksyon.** Umorder ng mga materyales kabilang ang:
   - Mga lalagyan para sa compost (mas mainam kung berde)
   - Mga karatula at sticker
   - Mga aprubadong compostable liner (opsyonal)

3. **Sanayin ang Kawani** sa kung ano ang puwedeng i-compost upang mapagbukud-bukod nang tama. Sanayin ang kawani na ilipat ang laman ng mga panloob na lalagyan papunta sa mga panlabas na cart kahit isang beses kada araw. Makipag-ugnayan sa Lungsod ng Federal Way para sa suporta sa pagsasanay.

City of Federal Way Public Works

Para sa mga salin at higit pang impormasyon tungkol sa paggawa ng compost, bisitahin ang: uqr.to/CompostResources

# Ano ang puwedeng i-compost?

**Basurang-bakuran**



**Mga tirang pagkain**

(KABILANG ANG KARNE, DAIRY AT MGA BUTO)



Walang plastik, mga plastik na supot, basurang medikal, mga metal, babasagin, dumi ng alagang hayop.

**Walang balot na maruming papel**



Ang mga tinatanggap para sa koleksyon ng compost ay mga tirang pagkain (kabilang ang karne, dairy at mga buto), at mga produktong papel na hindi makintab.

Sa Federal Way, dinadala ang mga item sa isang lokal na pasilidad ng compost upang gawing lupa sa loob ng 8 linggo!

## Makakatulong ang Lungsod ng Federal Way!

**May mga libreng programa para tumulong sa mga negosyo ang City of Federal Way Environmental Services (Mga Serbisyong Pangkapaligiran ng Lungsod ng Federal Way).**

Kabilang sa libreng suporta ang:

- Mga panloob na lalagyan para sa koleksyon (habang may supply)
- Mga Karatula para sa pagbubukud-bukod ng compost, pagre-recycle, at basura
- Pagsasanay kasama ang mga eksperto sa compost
- Mga mapagkukunan para sa karagdagang suporta




**Makipag-ugnayan sa amin para sa mga libreng lalagyan**

******habang may supply*

**Mag-email sa recycle@federalwaywa.gov para sa higit pang impormasyon.**